**MGA SUSING PANGUNGUSAP PARA SA 2024 MEMORIAL DAY CONFERENCE**

**Kailangan nating matanto na ang lahat ng bagay na ating dinaraanan**
**ay mayroon lamang isang layunin—**
**upang ang buhay ng Diyos ay mapalaya sa pamamagitan natin at maihayag natin;**
**nawa ang ating panlabas na tao ay mabasag sa isang gayong sukat na ang ating panloob na tao ay mapalalaya at mahahayag;**
**ito ay mahalaga, at ito ang daan ng mga lingkod ng Panginoon.**

**Ang manahan sa Panginoon ay ang maging kaisang espiritu Niya,**
**at ang mga mabisang panalangin ay ang bunga**
**ng ating pananahan sa Panginoon at ng pananahan ng Kanyang mga salita sa atin.**

**Ang ating pagtatamasa kay Kristo bilang daloy ng buhay ay upang tayo ay maging**
**mga tagapaghasik, mga tagapagtanim, mga tagapagdilig, mga tagapagsilang,**
**mga tagapagpakain, at mga tagapagtayo na may ministeryo ng buhay**
**para sa kahanga-hangang organikong pagtatayo ng Diyos, ang maringal na bahay ng Diyos.**

**Tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nag-aaninag**
**gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon,**
**ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian.**

*© 2024 Living Stream Ministry*

Balangkas ng mga Mensahe
para sa Memorial Day Conference
Mayo 24-27, 2024

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**ANG BUHAY-KRISTIYANO**

Mensahe Isa

## Ang Intrinsikong Kahulugan ng Buhay-Kristiyano

Babasahin sa Kasulatan: Juan 14:21, 23; 2 Cor. 2:10; 4:6-7

**I. Ang buhay-Kristiyano ay isang buhay na ipinamumuhay si Kristo; ang ating pamumuhay ay dapat maging si Kristo, at ang paraan upang ipamuhay si Kristo ay ang ibigin si Kristo—Fil. 1:19-21a; Gal. 2:20:**

A. Maipamumuhay natin si Kristo sa pamamagitan ng pag-ibig kay Kristo sa sukdulan; kung hindi natin iniibig si Kristo, hindi natin Siya maipamumuhay, at ang ibigin Siya ang pinakamainam na paraan upang ituon ang ating buong katauhan sa Kanya—2 Cor. 5:14; 1 Juan 4:19; Fil. 1:19-21a; Marc. 12:30; Apoc. 2:4-5; Juan 14:21, 23; 21:15-17; 1 Ped. 1:8; 1 Cor. 2:9; 16:22.

B. Ang ibigin ang Diyos ay nangangahulugang ituon ang ating buong katauhan—espiritu, kaluluwa, at katawan kalakip ang puso, kaluluwa, kaisipan, at kalakasan (Marc. 12:30)—nang lubusan sa Kanya, yaon ay, hayaan ang ating buong katauhan na maokupahan Niya at mahibang sa Kanya, upang maging lahat-lahat Siya sa atin at tayo'y praktikal na kaisa Niya sa ating pang-araw-araw na buhay.

C. Kapag iniibig natin Siya, "sinisiyasat ng Espiritu ang lahat ng bagay, maging ang mga kalaliman ng Diyos" (1 Cor. 2:10); ang salitang Griyego para sa *sinisiyasat* ay ginamit sa pagtukoy sa aktibong pagsasaliksik, nagpapahiwatig ng tamang kaalamang natamo hindi sa pamamagitan ng pagtuklas kundi sa pamamagitan ng panggagalugad. Ginagalugad ng Espiritu ng Diyos ang mga kalaliman ng Diyos hinggil kay Kristo at ipinakikita ang mga ito sa atin sa ating espiritu para sa ating pagkatanto at pakikilahok.

D. Ang ipamuhay ang buhay-Kristiyano ay ang ibigin si Hesus na Anak ng Diyos nang sa gayon ay iibigin tayo ng Ama at ng Anak at magtatamasa sa pagpapakita ng Anak sa atin at sa Kanilang pagbisita sa atin upang makagawa Sila ng mutuwal na tahanan kasama natin—Juan 14:21, 23.

E. Ang buhay-Kristiyano ay isang buhay ng pag-ibig sa Diyos at pag-ibig sa isa't isa sa pamamagitan ng Diyos Mismo bilang ating pag-ibig; namuhay si Kristo sa mundong ito ng isang buhay ng Diyos bilang pag-ibig, at Siya ngayon ang ating buhay upang maipamuhay natin ang parehong buhay ng pag-ibig sa mundong ito at maging katulad Niya sa Kanyang naghahanap sa nawawala at nagliligtas sa makasalanang ministeryong paglalakbay—1 Juan 4:16-19; Luc. 10:25-37; 19:10; Efe. 4:20-21; cf. Gal. 5:13-15.

**II. Ang ipamuhay ang buhay-Kristiyano ay ang gawin ang lahat ng bagay sa persona ni Kristo, sa mukha ni Kristo—2 Cor. 2:10; 4:6-7:**

A. Ang salitang Griyego para sa *persona* ay literal na "mukha," gaya ng sa 4:6; tumutukoy ito sa bahagi sa palibot ng mga mata, ang tingin bilang palatandaan ng mga panloob na kaisipan at damdamin, na nagpapakita at naghahayag sa buong persona.

B. Si Apostol Pablo, na isang tularan sa mga mananampalataya (1 Tim. 1:16), ay isa na namuhay at kumilos sa presensiya ni Kristo, ayon sa palatandaan ng Kanyang buong persona, na nahayag sa Kanyang mga mata.

C. Sa tuwing bumabaling ang ating puso sa Panginoon, ang talukbong ay naaalis sa ating puso, at matitingnan natin ang Panginoon ng kaluwalhatian nang walang talukbong ang mukha; sa katunayan, ang ating nakabaling palayo na puso ay ang talukbong; ang walang talukbong na mukha ay isang walang talukbong na puso upang tingnan ang kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Hesu-Kristo—2 Cor. 3:16, 18; 4:6-7; 1 Sam. 16:7; Efe. 1:18a.

D. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay nasa mukha ni Kristo, at ang Kanyang mukha, ang Kanyang persona, ay ang naninirahan sa loob na kayamanan na nasa ating espiritu—2 Cor. 4:6-7; 1 Ped. 3:4.

E. Tayo ang mga sisidlang lupa na walang halaga at marupok, subalit sa loob ng ating espiritu ay naglalaman tayo ng isang walang kasinghalagang kayamanan, ang mukha, ang persona, ni Kristo Mismo (2 Cor. 2:10; 4:6); sa buong sansinukob ay walang kasinghalaga ng pagtingin sa mukha ni Hesus (Gen. 32:30; Exo. 25:30; 33:11, 14; Awit 27:4, 8; Apoc. 22:4):

1. Tanging kapag namumuhay tayo sa Kanyang presensiya, tumitingin sa palatandaan ng Kanyang sarili, na madarama natin na Siya ay isang gayong kayamanan sa atin; kung mayroon tayong ilang suliranin, kailangan lamang nating sabihin sa Kanya; Siya ay nasa loob natin, at kasama natin Siya nang mukhaan—Fil. 4:6.
2. Ang pagkakita sa Diyos ay katumbas ng pagtatamo sa Diyos, iyon ay ang tanggapin ang Diyos sa Kanyang elemento tungo sa atin upang transpormahin tayo (Job 42:5-6; Mat. 5:8); ang mismong Diyos kung kanino tayo nakatingin ngayon ay ang napasukdol na Espiritu, at maaari tayong tumingin sa Kanya sa ating espiritu upang masipsip ang kayamanan ng Diyos tungo sa ating katauhan at mapasailalim sa dibinong transpormasyon araw kada araw (2 Cor. 3:18b; Mat. 14:22-23; Col. 4:2).

F. Habang ibinabaling natin ang ating puso sa Panginoon na nasa ating espiritu upang tingnan Siya nang mukhaan at isinag Siya sa iba (Isa. 60:1, 5), tayo ay nasa proseso ng pagiging natatransporma tungo sa Kanyang maluwalhating larawan hanggang sa araw na "tayo ay magiging katulad Niya sapagkat atin Siyang makikitang gaya nga Niya"—2 Cor. 3:18—4:1; 1 Juan 3:2; Apoc. 22:4.

**III. Ang ipamuhay ang buhay-Kristiyano ay ang lumakad nang karapat-dapat sa pagtawag na sa atin ay itinawag—Eph. 4:1-4:**

A. Ang unang aytem ng isang paglakad na karapat-dapat sa pagtawag ng Diyos ay ang pagsumakitan nating ingatan ang kaisahan ng Espiritu bilang realidad ng Katawan ni Kristo, gamit ang natranspormang mga pantaong kagalingan na pinalakas ng at kalakip ang mga dibinong katangian—bb. 1-4:

1. Sa Espiritu ng naluwalhating Hesus, naroroon ang natranspormang pagkatao ni Hesus; ang inumin at padaluyin ang iisang Espiritu para sa iisang Katawan ay ang inumin at padaluyin ang Espiritu ng Taong si Hesus, ang inumin at padaluyin ang pagkatao ni Hesus kalakip ang Kanyang dibinong pinagyaman na mga pantaong kagalingan ng kapakumbabaan, kaamuan, at pagtitiis para sa pagbabatá sa isa't isa sa loob ng pag-ibig—Juan 7:37-39a; 1 Cor. 12:13; Gawa 16:7; Efe. 4:2-3.
2. Kung tumatawag tayo sa pangalan ng Panginoon at kumakain sa Kanya, tatamasahin natin si Hesus bilang isang tao, at ang lahat ng kagalingan ng Kanyang napataas na pagkatao ay magiging atin sa Espiritu ni Hesus para sa pagsasagawa ng nabawing buhay-ekklesia sa Espiritu ng realidad bilang realidad ng Katawan ni Kristo—1 Cor. 1:2; 10:3-4, 17; 12:3b, 13; 16:13; Efe. 4:3-4a.

B. Ang ikalawang aytem ng isang paglakad na karapat-dapat sa pagtawag ng Diyos ay ang lumago tayo tungo kay Kristo na Ulo sa lahat ng bagay—bb. 15-16:

1. Upang lumago tayo tungo kay Kristo sa lahat ng bagay para sa pagtatayo ng Kanyang Katawan, kailangan nating matamasa si Kristo bilang ating nagpapaloob ng lahat,

pansansinukob na panghalili para sa pagbubunga ng isang bagong tao, kaya dapat ay "pakinggan natin Siya" at "si Hesus lamang" ang makita—Marc. 9:7-8.

2. Anuman o sinuman na hindi Kristo ay "pinatatalsik" ng Diyos; hinalinhan na ng Diyos ang lahat ng bagay sa Kanyang Lumang Tipang ekonomiya ng Kristo—1:1-8; Mat. 17:3-5; Col. 2:16-17; Heb. 10:5-10; 11:5-6; cf. Isa. 22:20-25.
3. Nang nilikha tayo ng Diyos, "inupahan" Niya tayo; nang inilagay Niya tayo sa krus, ipinapako tayo sa krus kalakip ni Kristo, "pinatalsik" Niya tayo; nang binuhay Niya muli tayong magkakasamang kalakip ni Kristo, "muling inupahan" Niya tayo sa pamamagitan ng paggawa sa atin na isang bagong espesye ng mga Diyos-tao, isang bagong imbensiyon ng Diyos bilang Kanyang sama-samang obra-maestra, dinadala tayo pabalik sa Kanyang orihinal na intensiyon ng paglikha sa atin para sa Kanyang kaluwalhatian, Kanyang sama-samang kahayagan—Gen. 1:26; Gal. 2:20; Efe. 2:6, 10, 15; Isa. 43:7.

C. Ang ikatlong aytem ng isang paglakad na karapat-dapat sa pagtawag ng Diyos ay ang ating matutuhan si Kristo kung paanong ang realidad ay na kay Hesus—Efe. 4:20-24:
   1. *Ang realidad ay na kay Hesus* ay tumutukoy sa aktuwal na kondisyon ng buhay ni Hesus gaya ng nakatala sa apat na Ebanghelyo; namuhay si Hesus ng isang buhay kung saan ginawa Niya ang lahat ng bagay sa loob ng Diyos, kasama ang Diyos, at para sa Diyos; ang Diyos ay nasa Kanyang pamumuhay, at Siya ay kaisa ng Diyos—bb. 20-21.
   2. Sa Kanyang buhay dito sa lupa ay nagtatag Siya ng isang tularan, gaya ng inihayag sa apat na Ebanghelyo; pagkatapos ay ipinako Siya sa krus at binuhay na muli upang maging ang Espiritung nagbibigay-buhay nang sa gayon ay makapasok Siya sa atin upang maging ating buhay; natututo tayo sa Kanya, ayon sa Kanyang halimbawa, hindi sa pamamagitan ng ating natural na buhay kundi sa pamamagitan Niya bilang ating buhay sa pagkabuhay na muli—1 Cor. 15:45b; Col. 3:4.
   3. Habang iniibig natin ang Panginoon, kinakaugnay Siya, at nananalangin sa Kanya, awtomatiko natin Siyang ipinamumuhay ayon sa hulmahan, sa anyo, sa tularan, na inilarawan sa mga Ebanghelyo; sa ganitong paraan tayo ay naihuhugis, naiwawangis, sa larawan ng hulmahang ito—ito ang ibig sabihin ng matutuhan si Kristo—Mat. 11:29; Roma 8:29.

D. Ang ikaapat na aytem ng isang paglakad na karapat-dapat sa pagtawag ng Diyos ay ang mamuhay tayo sa loob ng pag-ibig at liwanag—Efe. 5:2, 8:
   1. Kailangan nating maging mga bumabahagi, mga tagapagtamasa, ng dibinong kalikasan (2 Ped. 1:4); ang dibinong kalikasan ay kung ano ang Diyos—ang Diyos ay Espiritu (Juan 4:24), ang Diyos ay pag-ibig (1 Juan 4:8, 16), at ang Diyos ay liwanag (1:5); ang Espiritu ay ang kalikasan ng persona ng Diyos, ang pag-ibig ay ang kalikasan ng esensiya ng Diyos, at ang liwanag ay ang kalikasan ng kahayagan ng Diyos.
   2. Kailangan nating lahat na gumugol ng sapat na dami ng personal na oras kasama ang Panginoon upang pribadong makipagsalamuha sa Kanya sa ating espiritu upang mapuspos tayo ng Kanyang mapagmahal na esensiya upang makapagpastol Siya sa iba sa pamamagitan natin at upang mapuspos tayo ng Kanyang nangniningning na elemento upang makita Siya ng iba sa atin—Juan 4:24; Luc. 15:20; Mat. 5:15-16.

E. Ang ikalimang aytem ng isang paglakad na karapat-dapat sa pagtawag ng Diyos ay ang mamuhay tayo sa pamamagitan ng pagiging napuspos sa espiritu upang mag-umapaw ng Kristo—Efe. 5:18:
   1. Ang pagsasalita, pag-awit, pagsasalmo, pagpapasalamat sa Diyos, at pagpapasakop natin sa isa't isa sa takot kay Kristo ay hindi lamang ang pag-apaw ng pagiging napuspos sa espiritu bagkus ang paraan din upang mapuspos sa espiritu.
   2. Ang mapuspos sa espiritu ay ang mapuspos ng kayamanan ni Kristo upang maging ang kapuspusan ni Kristo, ang pag-apaw ni Kristo; sa pamamagitan ng pagtawag sa Panginoon at pagbabasa-dalangin ng Kanyang Salita, maaari natin Siyang patuloy na matanggap bilang biyaya kada biyaya upang maging Kanyang kapuspusan, Kanyang pag-apaw—3:8; 1:23; 3:19b; Roma 10:12-13; Efe. 6:17-18; Juan 1:16.

IV. **Ang ipamuhay ang buhay-Kristiyano ay ang tanggapin natin ang pagdidisiplina ng Espiritu Santo:**

A. Ninanais ng Diyos na alisin ang ating lasa at baguhin ang ating amoy sa pamamagitan ng pagtanggap natin sa pagdidisiplina ng Espiritu Santo, na siyang pagsasalin-salin ng Diyos sa atin mula sa isang sisidlan tungo sa isa pang sisidlan para sa pagtatanggal ng mga latak, mga tining, ng ating natural na panlabas na tao hanggang sa tayo ay magkaroon ng purong lasa ni Kristo at mapalabas ang purong samyo ni Kristo—Jer. 48:11; 2 Cor. 2:14-15; A. A. 4:16; 2 Hari 4:8-9:

1. "Ang Ama ng mga espiritu" ang dumidisiplina sa atin sa pamamagitan ng mga pagsubok at pagpaparusa "upang makabahagi tayo sa Kanyang kabanalan"—Heb. 12:4-13.
2. Yaong mga hindi pa dumaan sa mga pagsubok at pagpaparusa ay hindi pa napagsalin-salin mula sa isang sisidlan tungo sa isa pang sisidlan; kaya, ang lasa ng mga latak, ng mga tining, ng mga sedimento, ng kanilang natural na disposisyon, kanilang panlabas na tao, kanilang sarili, ay nananatili sa loob nila at ang kanilang amoy ay hindi nabago—Jer. 48:11; Rom. 8:28-29; S. S. 4:16.

B. Si Maria ay may isang alabastrong sisidlan na punô ng isang libra ng ungguwento na purong nardo na totoong mamahalin; nang binasag niya ang sisidlan at ibinuhos ito sa Panginoon, "ang bahay ay napuno ng halimuyak ng ungguwento"—Juan 12:2-3; Marc. 14:3; cf. A. A. 1:12.

C. Ang alabastrong sisidlan ay sumasagisag sa ating panlabas na tao, na kailangang mabasag upang ang panloob na tao ay lumabas; ang Panginoon ay gumagawa sa loob natin at sa atin sa maraming iba't ibang paraan para sa layuning mabasag ang sisidlang lupa, ang alabastrong sisidlan, ang panlabas na balat—2 Cor. 4:7; Juan 12:3, 24; Roma 8:28-29.

D. Kung ano tayo sa kalikasan ay walang halaga; tanging kung ano ang ibinubuo ng Espiritu tungo sa ating katauhan ang may halaga; ang pagdidisiplina ng Espiritu Santo ang sumisira sa ating natural na disposisyon at mga gawi at nagdadala paloob ng pagbubuo ng Espiritu Santo sa paggulang at katamisan; inuutusan ng Diyos ang lahat ng bagay sa ating kapaligiran na wasakin kung ano ang likas na tayo nang sa gayon ay makapaghubog Siya sa loob natin ng isang bagong disposisyon, bagong pag-uugali, at mga bagong katangian—Juan 3:6; 2 Cor. 5:17; Gal. 6:15.

E. May dalawang pangunahing dahilan sa hindi pagiging nabasag:

1. Ang isang tao ay hindi nabasag dahil siya ay namumuhay sa kadiliman; sa lahat ng nangyayari sa kanya, inilalagay niya ang lahat ng sisi sa ibang tao o sa kapaligiran; wala siyang pahayag hinggil sa kamay ng Diyos at na ang Diyos ang Isa na tumutuos sa kanya—cf. Job 10:13; Efe. 3:9.
2. Ang isang tao ay hindi nabasag dahil labis niyang iniibig ang kanyang sarili; kailangan nating hilingin sa Diyos na alisin ang pag-ibig natin sa ating sarili; ang lahat ng di-pagkakaunawaan at kawalan ng kasiyahan ay nagmumula sa iisang bagay—lihim na pag-ibig sa sarili.

F. Kailangan nating matanto na ang lahat ng bagay na ating dinaraanan ay mayroon lamang isang layunin—upang ang buhay ng Diyos ay mapalaya sa pamamagitan natin at maihayag natin; nawa ang ating panlabas na tao ay mabasag sa isang gayong sukat na ang panloob na tao ay mapalalaya at mahahayag; ito ay mahalaga, at ito ang daan ng mga lingkod ng Panginoon—Juan 12:24-26; 2 Cor. 4:12.

## Salamuha hinggil sa<br>Pagbasag sa Panlabas na Tao para sa Pagpapalaya ng Espiritu<br>at sa Kahayagan ng Diyos

Kailangan nating malaman kung bakit inilagay tayo ng Diyos sa mundo. Inilagay Niya tayo sa mundo upang ang ating presensiya ay lumikha ng kagutuman at kauhawan para sa katuwiran sa loob ng mga makasalanan, mga mananampalataya at sa sanlibutan. Sa ating gawain, kailangan nating lumikha ng kagutuman sa loob ng iba. Mayroon dapat isang enigmatikong kasariwaan, kapangyarihan, pagkain, at panustos sa loob natin na magtutulak sa iba na hanapin ang Diyos sa pamamagitan ng ating presensiya. Kapag palagi tayong

nakikipagtagpo sa iba at nakikipag-ugnay sa kanila nang hindi lumilikha ng pagnanais sa loob nila para sa Diyos, nangangahulugan itong nabigo tayo. Kung ang ating pagbabasa ng Biblia, pananalangin, paglilingkod, at pagpapahayag ng ebanghelyo ay hindi nagbubunga ng isang gayong makapangyarihang kagutuman sa loob ng tao, ang ating gawain ay nabigo. (*The Collected Works of Watchman Nee*, vol. 42, p. 238)

Binibigyan tayo ng 2 Hari 4 ng salaysay hinggil sa pagtanggap ng babaeng Sunamita kay Eliseo. Sinasabi ng Biblia na "isang araw, si Eliseo ay dumaan sa Sunem, na roon ay nakatira ang isang mayamang babae, na humimok sa kanya na kumain ng tinapay. Kaya't tuwing siya'y daraan doon ay pumupunta siya roon upang kumain ng tinapay. Sinabi niya sa kanyang asawa, Tingnan mo, aking nahahalata na ito'y isang banal na tao ng Diyos na laging nagdaraan sa atin" (bb. 8-9). Dumaan si Eliseo sa Sunem. Hindi siya nagbigay ng isang mensahe o nagpakita ng isang himala. Sa bawat pagdaan niya, pumupunta siya at kumakain ng tinapay roon. Kinilala siya ng babae na isang tao ng Diyos sa pamamagitan ng paraan ng kanyang pagkain. Ganito ang impresyon na ibinigay ni Eliseo sa iba.

Ngayon kailangan nating tanungin ang ating sarili, "Ano ang impresyon na ating ibinibigay sa iba? Ano ang bagay na lumalabas sa atin?" Isinalita na natin nang paulit-ulit na dapat mabasag ang panlabas na tao. Kung ang panlabas na tao ay hindi mababasag, ang impresyon na matatanggap ng iba sa atin ay walang iba kundi ang panlabas na tao. Sa tuwing nakikipag-ugnayan tayo sa iba, maaaring magbigay tayo sa kanila ng hindi kasiya-siyang pakiramdam na tayo ay mapagmahal sa sarili, matigas ang ulo, at palalo. O maaaring bigyan natin sila ng isang impresyon na tayo ay matalino at napakagaling sa pagsasalita. Marahil binibigyan natin ang iba ng kung tawagi'y mabuting impresyon. Ngunit ang impresyon ba na ito ay nakasisiya sa Diyos? Natugunan ba nito ang pangangailangan ng ekklesia? Ang Diyos ay hindi nasisiyahan, at hindi kailangan ng ekklesia ang ating mga kung tawagi'y mabuting impresyon.

...Kung ang panlabas na tao ay hindi mababasag, ang ating espiritu ay hindi mapalalaya, at ang impresyon na ibibigay natin sa iba ay hindi magiging isang impresyon ng espiritu.

...Ang nagdudulot ng impresyon sa iba ay ang pinakamalakas na bahagi na taglay natin sa ating sarili. (*The Collected Works of Watchman Nee*, vol. 54, "The Breaking of the Outer Man and the Release of the Spirit, pp." 238, 237)

*© 2024 Living Stream Ministry*

Mensahe Dalawa

**Isang Naihugpong na Buhay**

Babasahin sa Kasulatan: Juan 15:1, 4-5; Roma 11:17-24; 1 Cor. 6:17

I. **Bilang mga mananampalataya kay Kristo, dapat tayong mamuhay ng isang naihugpong na buhay—isang buhay kung saan tayo ay kaisang espiritu ng Panginoon at namumuhay sa isang organikong pakikipag-isa sa Kanya—1 Cor. 6:17; Juan 15:4.**

II. **Inihahayag ng Biblia na ang ugnayang ninanais ng Diyos sa tao ay yaong Siya at ang tao ay maging isa—1 Cor. 6:17:**

A. Ninanais ng Diyos na ang dibinong buhay at ang pantaong buhay ay maihugpong upang maging isang buhay—John 15:1, 4-5.
B. Ang kaisahan na ito ay isang organikong pakikipag-isa, isang pakikipag-isa sa buhay—isang naihugpong na buhay.
C. Ang konsepto hinggil sa pagiging naihugpong ng dibinong buhay at pantaong buhay upang maging isa ay mahiwaga, humihigit sa natural na konsepto, at banyaga sa pantaong kaisipan.

III. **Sa paghuhugpong, dalawang magkahawig na buhay ang pinaghuhugpong at sa gayon ay lumalagong magkasama—Roma 11:17-24:**

A. Ang paghuhugpong ay maaaring maging epektibo lamang kung ang mga buhay na paghuhugpungin ay magkahawig.
B. Dahil ang ating pantaong buhay ay nilalang sa larawan ng Diyos at ayon sa wangis ng Diyos, maaari itong maihugpong sa dibinong buhay.
C. Ang ating pantaong buhay ay kahawig ng dibinong buhay; samakatwid, ang dibinong buhay at pantaong buhay ay maaaring paghugpungin nang magkasama at sa gayon ay organikong lumago nang magkasama.

IV. **Upang maihugpong tayo kay Kristo, kinakailangan Niyang dumaan sa mga proseso ng pagkakatawang-tao, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli:**

A. Si Kristo ay naging laman upang maging ang binhi ni David, ang sanga ni David, ang Usbong, nang sa gayon ay maihugpong tayo na kasama Niya; Siya ay naging katulad natin upang Siya at tayo ay maihugpong nang magkasama—Juan 1:14; Mat. 1:1; Zac. 3:8; Jer. 23:5; 33:15.
B. Si Kristo ay "pinutol" sa krus upang tayo ay maihugpong tungo sa Kanya:
   1. Ang pagiging sanga ni David ni Kristo ay hindi nangangahulugan mismo na maaari Siyang maihugpong na kasama natin.
   2. Ang paghuhugpong ay nangangailangan ng pagpuputol; hindi maaaring maihugpong ang dalawang sanga malibang pareho itong pinutol:
      a. Si Kristo ay pinutol nang Siya ay namatay sa krus.
      b. Tayo ay pinutol nang tayo ay nagsisi at tumanggap sa Panginoon.
   3. Pagkatapos maganap ang pagpuputol, ang paghuhugpong at organikong pakikipag-isa ay nagaganap; samakatwid, sa paghuhugpong ay mayroon tayong pagpuputol, pag-uugnay, at organikong pakikipag-isa.
C. Pagkatapos maputol ni Kristo sa krus, Siya ay nabuhay na muli upang maging Espiritung nagbibigay-buhay—1 Cor. 15:45b; 2 Cor. 3:17a:
   1. Sa pagiging isang gayong Espiritu, si Kristo ay handa na para sa paghuhugpong.

2. Kapag tayo ay nagsisi at tumanggap sa Panginoon, Siya bilang Espiritung nagbibigay-buhay ay pumapasok sa ating espiritu, dinadala ang dibinong buhay tungo sa atin, at tayo ay naihuhugpong kay Kristo—Juan 20:22; Roma 8:11:
   a. Ang buhay na ito ay isang buhay ng kamatayan at pagkabuhay na muli.
   b. Bilang Espiritung nagbibigay-buhay, dinadala ni Kristo ang susi ng kamatayan at pagkabuhay na muli tungo sa atin, na mga mananampalataya, upang tayo ay mamatay at maibangong kalakip ni Kristo—Gal. 2:20.
   c. Sa kamatayan at pagkabuhay na muling ito ay naihuhugpong tayo kay Kristo.

**V. Bilang mga isinilang na muli, dapat tayong mamuhay ng isang pinaghugpong na buhay—isang buhay kung saan ang dalawang partido ay pinaghugpong upang organikong lumago—Juan 15:1, 4-5:**

A. Pagkatapos nating maihugpong kay Kristo, hindi na tayo dapat mabuhay sa ating sarili; sa halip, dapat nating hayaan ang malahanging Kristo na mabuhay sa atin—Gal. 2:20.

B. Hindi na tayo dapat mabuhay sa pamamagitan ng ating laman o sa pamamagitan ng ating natural na katauhan; sa halip, dapat tayong mabuhay sa pamamagitan ng ating isinilang na muling espiritu, isang espiritu na naihugpong kay Kristo—Roma 8:4.

C. Sa pamamagitan ng paghuhugpong na ito, tayo ay naipagkakaisa sa Kanya, naisasama sa Kanya, at nailalakip sa Kanya upang maging Katawan ni Kristo—12:4-5.

**VI. Ang pinaghugpong na buhay ay hindi isang pinalitang buhay kundi pagsasama ng pantaong buhay sa dibinong buhay—Gal. 2:20:**

A. Ang konsepto ng pinalitang buhay ay yaong isinusuko natin ang ating pantaong buhay sa Panginoon, at hinahalinhan Niya ito ng Kanyang dibinong buhay.

B. Ang buhay-Kristiyano ay hindi isang pinalitang buhay kundi isang pinaghugpong na buhay—ang pagsasama ng pantaong buhay sa dibinong buhay—Roma 6:3-5; Juan 15:1, 4-5:
   1. Walang palitan, o pagpapalitan, ng mga buhay.
   2. Sa halip na palitan ay mayroong pamamahagi, paglalalin, ng dibinong buhay tungo sa pantaong buhay at pagsasama ng dibinong buhay sa pantaong buhay.

C. Ang pinakakahanga-hangang realidad sa Kristiyanong karanasan ay yaong ang mga mananampalataya kay Kristo ay naipagkaisa kay Kristo sa paraan ng buhay—1 Cor. 6:17:
   1. Anuman si Kristo at anuman ang Kanyang nagawa ay lubusang para sa isang bagay: na Siya at tayo ay organikong maipagkaisa at mamuhay ng isang pinaghugpong na buhay—Juan 15:4-5.
   2. Sa Kanyang pagbabawi ay binabawi ng Panginoon ang pinabayaang bagay na ito ng pinaghugpong na buhay.

**VII. Sa pinaghugpong na buhay, ang pantaong buhay ay hindi inaalis kundi pinalalakas, itinataas, at pinagyayaman ng dibinong buhay—Roma 11:17-24:**

A. Sa pinaghugpong na buhay, pinananatili pa rin ng sanga ang parehong pang-esensiyang katangian nito, subalit ang buhay nito ay itinataas at tinatransporma sa pamamagitan ng pagiging naihugpong tungo sa isang mas mainam na buhay:
   1. Ginagapi ng mas mataas na buhay ang mas mababang buhay.
   2. Pinagyayaman, itinataas at tinatransporma ng mas mataas na buhay ang mas mababang buhay.

B. Sa pinaghugpong na buhay, ang dibinong buhay ay gumagawa sa loob natin upang alisin ang mga negatibong elemento—2 Cor. 3:18:
   1. Gumagawa ang dibinong buhay sa isang dahan-dahang paraan upang alisin ang anumang natural.

    2. Ang negatibong elemento na nasa ating disposisyon ay pinapatay, at pagkatapos, sa halip na itapon ang ating disposisyon, itinataas ito at ginagamit ito ng Panginoon.

C. Sa pinaghugpong na buhay, binubuhay-muli ng dibinong buhay ang orihinal na nilikha ng Diyos—Juan 11:25:
    1. Sa halip na sukuan ang Kanyang nilikha, aangkinin itong muli ng Diyos.
    2. Nilalayon ng Diyos na dalhin ang lahat ng aspekto ng ating katauhan tungo sa pagkabuhay na muli—Fil. 3:11:
        a. Habang inaalis ng dibinong buhay ang mga negatibong bagay, gumagawa ito upang buhaying muli ang orihinal na nilikha ng Diyos.
        b. Sa ganitong paraan ang ating orihinal na mga pangsyon—ang mga pangsyon na ibinigay sa atin sa paglikha—ay napanunumbalik, napalalakas, at napagyayaman—Gal. 2:20.

D. Sa pinaghugpong na buhay, itinutustos ng dibinong buhay ang kayamanan ni Kristo sa ating mga panloob na bahagi—Roma 12:2:
    1. Ang ating nabuhay na muli at itinaas na mga sangkap ay natutustusan ng kayamanan ni Kristo.
    2. Sa pamamagitan ng gayong pagtutustos, tayo ay napababago sa ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya.

E. Sa naihugpong na buhay, tinitigmakan ng dibinong buhay ang ating buong katauhan—8:29-30:
    1. Tinitigmakan tayo at tinatransporma tayo ng kayamanan ni Kristo—12:2; 2 Cor. 3:18.
    2. Sa pamamagitan ng pagtitigmak na ito ng dibinong buhay, tayo ay naiwawangis sa larawan ni Kristo—Roma 8:29.

*© 2024 Living Stream Ministry*

Mensahe Tatlo

**Ang Intrinsikong Kahulugan at Pahayag**
**hinggil sa Timpladang Ungguwento bilang Banal na Pamahid na Langis—**
**isang Ganap na Sagisag ng Timplada,**
**Nagpapaloob ng lahat na Espiritu ng Naprosesong Tres-unong Diyos**

Babasahin sa Kasulatan: Exo. 30:22-30; 1 Cor. 15:45b; Juan 7:37-39; Fil. 1:19

I. **Ang banal na pamahid na langis, isang timpladang ungguwento ng langis na oliba at apat na espesiya, "na tinimpla ayon sa pagtitimpla ng manggagawa ng pabango," ay isang ganap na sagisag ng Espiritu ni Hesu-Kristo, ang timplada, nagpapaloob ng lahat, nagbibigay-buhay na Espiritu ng naprosesong Tres-unong Diyos, na naging kung sino si Kristo sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli—Exo. 30:22-25; 1 Cor. 15:45b; Juan 7:37-39; Fil. 1:19:**
   A. Ang mga kahulugan ng mga sangkap ng timpladang pamahid na langis na ito ay ang mga sumusunod:
      1. Ang dumadaloy na mira, isang espesiya na ginagamit sa paglilibing (Juan 19:39), ay sumasagisag sa mahalagang kamatayan ni Kristo (Roma 6:3):
         a. Ang mira ay ginagamit din bilang pangpawala ng sakit upang mabawasan ang pagdurusa ng kamatayan; nang ang Panginoong Hesus ay ipinapako sa krus, siya ay inalok ng alak na hinaluan ng mira upang mabawasan ang Kanyang sakit—Marc. 15:23.
         b. Ang mira ay maaari ding magamit para sa pagpapagaling ng katawan kapag naglalabas ito ng maling uri ng substansiya; sa ating pantaong buhay ay maraming lumalabas na maling substansiya, subalit iwinawasto ng kamatayan ng Panginoon sa krus ang suliraning ito.
      2. Ang mabangong kanela ay sumasagisag sa katamisan at pagiging mabisa ng kamatayan ni Kristo—Roma 8:13:
         a. Ang kanela ay inirereseta upang pasiglahin ang mahinang puso.
         b. Kapag inaaplay natin ang kamatayan ng Panginoon na nasa Espiritu sa ating panloob na katauhan, ang ating puso ay napasisigla upang gawin tayong masaya at nagagalak sa Panginoon—Fil. 4:4; Neh. 8:10.
      3. Ang mabangong kalamo, mula sa isang tambo na tumutubong paitaas sa latian o maputik na lugar, ay sumasagisag sa mahalagang pagkabuhay na muli ni Kristo—Efe. 2:6; Col. 3:1; 1 Ped. 1:3.
      4. Ang kasia, na ginagamit noong unang mga panahon upang itaboy ang mga insekto at mga ahas, ay sumasagisag sa nagtataboy na kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo; itinataboy ng kasia ang lahat ng masamang "insekto" at lalo na ang matandang ahas, ang diyablo—Fil. 3:10.
      5. Ang langis na oliba bilang pangunahing sangkap ng timpladang ungguwento ay sumasagisag sa Espiritu ng Diyos bilang pangunahing sangkap ng timpladang Espiritu—Gen. 1:2.
   B. Yamang ang bilang na apat ay sumasagisag sa mga nilalang (Ezek. 1:5), kung saan ang tao ang ulo (Gen. 1:26), at ang bilang na isa ay sumasagisag sa namumukod-tanging Diyos (Deut. 4:35; 1 Tim. 2:5), ang apat na espesiya ay sumasagisag sa pagkatao ni Kristo sa paglikha ng Diyos, at ang isang hin ng langis na oliba ay sumasagisag sa namumukod-tanging Diyos kalakip ang Kanyang pagkadibino; sa gayon, ang paghahalo ng langis na oliba sa apat na espesiya ay sumasagisag sa pagtitimpla, sa pagsasama, ng Diyos at tao, ng pagkadibino at pagkatao, sa timpladang Espiritu—Lev. 2:4 at footnote 3.

C. Ang langis na oliba at ang apat na espesiya ay inihandang lahat sa pamamagitan ng proseso ng pagpisa o paghiwa, nangangahulugan na ang Espiritu ng Diyos ay naging Espiritu ni Kristo (Roma 8:9) sa pamamagitan ng mga pagdurusa ni Kristo (Mat. 26:36).

D. Higit pa rito, ang sukat ng apat na espesiya, na tatlong kumpletong yunit ng limandaang siklo kada isa, ang panggitnang limandaang siklo ay nahati sa dalawang bahagi, ay sumasagisag sa Tres-unong Diyos na nasa pagkabuhay na muli, ang ikalawa, ang Anak, ay "nahati" sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus.

E. Yamang sa Biblia ang lima ay ang bilang para sa responsabilidad (25:2 at footnote 1), isinasagisag ng limang elementong nasa timpladang ungguwento at ng tatlong yunit ng limandaang siklo ng apat na espesiya ang Tres-unong Diyos sa pagkabuhay na muli bilang kapangyarihan, kakayahan, para sa pagpapasan ng responsabilidad.

F. Yamang ang bilang na tatlo at lima ay may kaugnayan sa pagtatayo ng Diyos (tingnan ang footnote 15[2] sa Gen. 6), ipinapahiwatig ng mga bilang na ito na nasa timpladang ungguwento na sa timpladang Espiritu ay may elemento para sa pagtatayo ng Diyos.

G. Batay sa mga kahulugan sa itaas, ang pagtitimpla ng apat na espesiya sa langis na oliba upang gumawa ng isang pamahid na langis ay sumasagisag sa pagsasama ng mga elementong binanggit sa itaas sa Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng proseso ng pagkakatawang-tao, pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit ni Kristo upang maibunga ang timpladang Espiritu para sa pagtatayo ng walang hanggang pinaninirahang lugar ng Diyos.

**II. Ang timpladang ungguwento, ang banal na pamahid na langis, ay ginamit upang pahiran ang tabernakulo kasama ang lahat ng kasangkapan nito, ang altar kasama ang lahat ng kagamitan nito, ang hugasán at ang patungan nito, at ang mga saserdote, upang gawin ang lahat ng ito na banal, naihiwalay, napabanal, tungo sa Diyos para sa Kanyang dibinong layunin—Exo. 30:26-30; 1 Ped. 1:2; 1 Cor. 6:11; Roma 15:16:**

A. Ang ungguwentong ito ay sumasagisag sa Tres-unong Diyos na naproseso at napasukdol sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli ni Kristo upang maging ang nagpapaloob ng lahat na timpladang Espiritu upang abutin ang Kanyang pinili at tinubos na bayan at upang pahiran sila ng Kanyang sarili, ginagawa ang Kanyang sarili na kaisa nila at ginagawa silang kaisa Niya—Juan 20:22; 1 Juan 2:20, 27; 2 Cor. 1:21; 1 Cor. 6:17.

B. Inaaplay sa atin at idinaragdag din ng gayong pagpapahid, bilang pagkilos ng timpladang Espiritu sa loob natin, ang lahat ng elemento ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos tungo sa ating panloob na katauhan upang ang ating panloob na tao ay lumago sa dibinong buhay kalakip ang mga dibinong elemento at tayo ay maisama sa Diyos bilang isa—Col. 2:19.

C. Ang banal na pamahid na langis ay tanging para sa layuning mapahiran ang pinaninirahang lugar ng Diyos at ang kasaserdotehan (cf. 1 Ped. 2:5); kung gayon, tanging ang mga para sa pinaninirahang lugar ng Diyos at para sa kasaserdotehan ang maaaring magkaroon ng pagtatamasa sa timplada, nagpapaloob ng lahat na Espiritu.

**III. Ang Espiritu ng Diyos, na isinasagisag ng langis na oliba, ay hindi na lamang langis, bagkus ngayon ay langis na tinimplahan ng ilang sangkap; patungkol dito, sinasabi ng Juan 7:39, "Ngunit ito ay sinalita Niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga sumampalataya tungo sa Kanya; sapagkat ang Espiritu ay hindi pa, sapagkat si Hesus ay hindi pa naluluwalhati":**

A. Nangangahulugan ito na bago ang pagkaluwalhati ng Panginoon, na siyang Kanyang pagkabuhay na muli (Luc. 24:26), ang timpladang Espiritu ay hindi pa; pagkatapos ng pagkabuhay na muli ni Kristo na ang pagtitimpla, o ang paghahalo, ng gayong Espiritu ay nakumpleto.

B. Nang ang Espiritu ay ang Espiritu ng Diyos, mayroon lamang Siyang dibinong elemento; pagkatapos Niyang maging ang Espiritu ni Hesu-Kristo sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli ni Kristo, ang Espiritu ay nagkaroon kapwa ng

dibinong elemento at pantaong elemento, kalakip ang lahat ng esensiya at realidad ng pagkakatawang-tao, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli ni Kristo.

C. Ang nagpapaloob ng lahat na timpladang Espiritung ito, na isinasagisag ng banal na pamahid na langis, ay ang masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo, ang panustos ng Katawan ni Kristo, kung kanino natin maaaring ipamuhay si Kristo para sa Kanyang pagkadakila sa Katawan, sa pamamagitan ng Katawan, at para sa Katawan—Fil. 1:19-21a.

**IV. Bilang mga mananampalataya, tayo ay pinahiran na ng timpladang ungguwento, ng nagpapaloob ng lahat na Espiritu; inilalarawan sa Awit 133:2 kung paano dumadaloy ang pamahid na langis mula sa ulo ni Aaron tungo sa kanyang balbas at saka sa laylayan ng kanyang damit; ipinapakahulugan nito na ang buong Katawan ay pinahiran ng Espiritu:**

A. Ang batayan ng kaisahan ay simpleng ang naprosesong Tres-unong Diyos bilang banal na pamahid na langis, ang timpladang Espiritu, na inaplay sa ating katauhan—bb. 1-3.

B. Upang "mapinturahan" ng ungguwento (1 Juan 2:20, 27), kailangan tayong maging kaisa ng ekklesia; sa gayon ay kusang-kusa nating tatamasahin ang pag-aaplay ng pamahid na langis kalakip ang lahat ng elemento nito; kamangha-mangha ang kaisahan na naibubunga sa pamamagitan ng pag-aaplay ng ungguwentong ito!

*© 2024 Living Stream Ministry*

Mensahe Apat

## Pananahan kay Kristo bilang Tunay na Puno ng Ubas

Babasahin sa Kasulatan: Juan 15:1, 4-5, 7;
1 Juan 2:6, 27-28; 3:24; 4:13, 15; Roma 8:4

**I. Sinabi ng Panginoong Hesus, "Ako ang tunay na puno ng ubas"—Juan 15:1a; cf. Apoc. 14:18:**

A. Ang tunay na puno ng ubas na ito (ang Anak) kasama ang mga sanga nito (ang mga mananampalataya sa loob ng Anak) ay ang organismo ng Tres-unong Diyos sa ekonomiya ng Diyos.

B. Ang organismong ito ay lumalago sa pamamagitan ng Kanyang kayamanan at naghahayag sa Kanyang dibinong buhay.

**II. Bilang mga sanga sa puno ng ubas, kailangan tayong manahan sa puno ng ubas—Juan 15:4-5:**

A. Ang mapasaloob ng Panginoon ay isang bagay ng pakikipag-isa; ang manahan sa Panginoon ay isang bagay ng salamuha—1 Cor. 1:9, 30.

B. Ang ating pananahan kay Kristo bilang puno ng ubas ay nakadepende sa ating pagkakita ng malinaw na pangitain na tayo ay mga sanga sa puno ng ubas; sa sandaling makita natin na tayo ay mga sanga sa puno ng ubas, kailangan nating panatilihin ang salamuha sa pagitan natin at ng Panginoon—Juan 15:2.

C. Ang buhay-Kristiyano ay isang buhay ng pananahan sa Panginoon—1 Juan 2:6, 27-28; 3:24; 4:13, 15.

D. Ang ating pananahan kay Kristo ay ang kondisyon ng Kanyang pananahan sa atin—Juan 15:5a.

E. Hiwalay sa puno ng ubas, tayo ay walang halaga, tayo ay walang taglay, at tayo ay walang magagawa—b. 5b.

F. Tanging kapag nananahan ang mga sanga sa puno ng ubas saka magiging lahat-lahat sa kanila ang puno ng ubas.

**III. Nananahan tayo kay Kristo upang Siya ay makapanahan sa atin sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa panloob na pagtuturo ng nagpapaloob ng lahat na pagpapahid—1 Juan 2:27:**

A. Nananahan tayo sa dibinong pakikipagsalamuha kay Kristo sa pamamagitan ng pagdaranas ng paglilinis ng dugo ng Panginoon at ng pag-aaplay ng nagpapahid na Espiritu sa ating panloob na katauhan—Juan 15:4-5; 1 Juan 1:5, 7; 2:20, 27.

B. Si Kristo bilang Ulo ay ang pinahirang Isa at ang nagpapahid na Isa, at tayo ang Kanyang mga sangkap na nagtatamasa sa Kanya bilang panloob na pagpapahid para sa katuparan ng Kanyang layunin—Heb. 1:9; 3:14; 2 Cor. 1:21-22.

C. Ang pagpapahid, bilang pagkilos at paggawa ng timpladang Espiritu sa loob natin, ay nagpapahid ng Diyos tungo sa atin upang matigmakan tayo ng Diyos, maangkin ang Diyos, at maunawaan ang kaisipan ng Diyos; inihahatid ng pagpapahid ang kaisipan ni Kristo bilang Ulo ng Katawan sa Kanyang mga sangkap sa pamamagitan ng panloob na pandama, ng panloob na kamalayan, ng buhay—Awit 133; 1 Cor. 2:16; Roma 8:6, 27.

**IV. Ang manahan sa Panginoon ay ang maging kaisang espiritu Siya, yaon ay, ang mamuhay sa loob ng pinagsamang espiritu—1 Cor. 6:17:**

A. Ang esensiya ng Bagong Tipan ay ang dalawang espiritu—ang dibinong Espiritu at ang pantaong espiritu—pinagsama bilang isa—b. 17; Roma 8:4.

B. Ang pakikipag-isa ng dalawang espiritung ito ay ang pinakamalalim na hiwaga sa Biblia.

C. Ang katagang *isang espiritu* ay nagpapahiwatig ng pagsasama ng Panginoon bilang ang Espiritu sa ating espiritu—1 Cor. 6:17:

1. Ang espiritu, na siyang pagsasama ng ating espiritu at ng Espiritu ng Panginoon tungo sa isang espiritu, ay kapwa ang Espiritu ng Panginoon at ang ating espiritu—Roma 8:4; 2 Cor. 3:17; 1 Cor. 15:45.
2. Lahat ng ating espiritwal na karanasan, gaya ng ating pakikipagsalamuha sa Panginoon, ating pananalangin sa Kanya, at ating pamumuhay na kasama Siya, ay nasa pinagsamang espiritung ito.

D. Ang pokus ng ekonomiya ng Diyos ay ang pinagsamang espiritu, ang dibinong Espiritu na isinama sa pantaong espiritu; anumang nilalayong gawin o isakatuparan ng Diyos ay may kaugnayan sa pokus na ito—Efe. 3:5, 9; 1:17; 2:22; 5:18; 6:18:
   1. Sa pamamagitan ng pagiging kaisang espiritu sa Panginoon, mararanasan natin Siya bilang nagpapaloob ng lahat na Isa—1 Cor. 1:2, 24, 30; 2:7-8, 10; 3:11; 5:7-8; 10:3-4; 11:3; 12:12; 15:20, 23, 45, 47.
   2. Maaari nating maranasan si Kristo at kunin si Kristo bilang lahat-lahat sapagkat tayo ay naging kaisang espiritu Niya.
   3. Para sa sinumang kaisang espiritu sa Panginoon, ang panustos ay di-masaid.
E. Ang pinagsamang espiritu ay isang espiritu na kaisang espiritu sa Diyos at yaon ay katulad ng Diyos sa Kanyang buhay at kalikasan ngunit hindi sa Kanyang pagka-Diyos—1 Juan 5:11; 2 Ped. 1:4:
   1. Ang dibinong Espiritu at ang pantaong espiritu ay pinagsama bilang isa sa loob natin upang makapamuhay tayo ng buhay ng isang Diyos-tao, isang buhay na Diyos gayunman ay tao at tao gayunman ay Diyos—Gal. 2:20; Fil. 1:19-21a.
   2. Ang Diyos-taong pamumuhay ay ang pamumuhay ng dalawang espiritung pinaghugpong at pinagsama bilang isa.
F. Ang maging kaisang espiritu sa Panginoon ay nagpapahiwatig na tayo ay nasa loob Niya at Siya ay nasa loob natin at na tayo at Siya ay isa sa buhay—Juan 3:16; 1 Juan 5:12.
G. Upang maging mga wastong Kristiyano, kailangan nating malaman na ang Panginoong Hesus ngayon bilang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos ay ang Espiritung naninirahan sa loob ng ating espiritu at isinama sa ating espiritu—2 Cor. 3:17; 1 Cor. 15:45; 6:17.
H. Hinihiling ng Biblia na lumakad tayo ayon sa pinagsamang espiritu—Roma 8:4:
   1. Ang susi sa lahat ng bagay ay matatagpuan sa kamangha-manghang Espiritu na nasa loob ng ating isinilang na muling espiritu at naging kaisang espiritu sa ating espiritu.
   2. Ang mamuhay sa espiritu ay ang hayaan si Kristo na punuin at tigmakan tayo hanggang sa malaganapan Niya ang ating buong katauhan at sa gayon ay maihayag sa pamamagitan natin—Efe. 3:17.
   3. Ang mutuwal na pananahan sa Juan 15:4-5 ay ang pagsasagawa ng pagiging kaisang espiritu sa Panginoon.

**V. Ang mga mabisang panalangin ay ang bunga ng ating pananahan sa Panginoon at ng pananahan ng Kanyang mga salita sa atin—b. 7:**

A. Ang panalangin ay ang tao na nakikipagtulungan at gumagawang kasama ng Diyos, pinahihintulutan ang Diyos na ihayag ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng tao at sa gayon ay isakatuparan ang Kanyang layunin; ang isang nananalangin ay makikipagtulungan sa Diyos, gagawang kasama ng Diyos, at pahihintulutan ang Diyos na ihayag ang Kanyang sarili at ang Kanyang naisin mula sa loob niya at sa pamamagitan niya—Roma 8:26-27; Sant. 5:17:
   1. Ang panalangin ay ang pagdaloy sa pagitan ng tao at Diyos at ang mutuwal na pakikipag-ugnay sa pagitan ng tao at Diyos.
   2. Ang tunay na kahalagahan ng panalangin ay ang kaugnayin ang Diyos sa loob ng ating espiritu at sipsipin ang Diyos Mismo—Efe. 6:18.
   3. Ang paraan upang maranasan ang naninirahan sa loob na Kristo at ang ibuhay si Kristo ay ang manalangin sa isang tunay na paraan—Col. 1:27; 3:4; Fil. 1:20-21a.
   4. Kailangan natin ang uri ng panalangin na nagdadala sa atin tungo sa pakikipag-ugnay sa Panginoon, panalanging nagsasanhi sa atin na maging kaisa Siya sa ating espiritu—2 Tim. 4:22; 1 Cor. 6:17.
B. Kapag nananahan tayo sa Panginoon, at nananahan ang Kanyang mga salita sa atin, magkakaroon ng pagnanais sa loob natin na nagmumula sa Kanyang mga salita—Juan 15:7; 1 Juan 5:14-15:
   1. Hihipuin natin ang damdamin ng Panginoon at uunawain ang Kanyang intensiyon; pagkatapos ay kusang-kusa, magkakaroon tayo ng pagnanais Niya sa loob natin.

2. Ang Kanyang pagnanais ay magiging ating pagnanais, kung ano ang Kanyang nais ay magiging kung ano ang nais natin, at mananalangin tayo ayon sa naising ito.
3. Sasagutin ng Panginoon ang ganitong uri ng panalangin sapagkat nagmumula ito sa ating pananahan sa Panginoon at mula sa Kanyang mga salitang nananahan sa atin.

**VI. Kapag nananahan tayo kay Kristo at nananahan si Kristo sa atin, magkakaroon tayo ng buhay-ekklesia—Juan 15:4-5; 1 Cor. 1:2, 9, 30; 12:27:**

A. Magkakaroon tayo ng tunay na buhay-ekklesia sa pamamagitan lamang ng pamumuhay sa loob ng pinagsamang espiritu; dapat tayong manatili sa pinagsamang espiritung ito para sa buhay-ekklesia—1:2; 12:27.
B. Ang buhay-ekklesia ay isang buhay ng pag-ibig sa isa't isa—Juan 15:12, 17.
C. Kapag nananahan tayo kay Kristo bilang puno ng ubas, nakikilahok tayo sa kamangha-manghang pagsasalamuha sa gitna ng mga kapwa sanga—bb. 4-5; 1 Juan 1:3-7.

*© 2024 Living Stream Ministry*

Mensahe Lima

## Pamumuhay ng Buhay-Kristiyano sa pamamagitan ng Pagtatamasa sa Agos ng Buhay kasama ang Ministeryo ng Buhay mula at para sa Maringal na Bahay ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Ezek. 47:1-12; 2 Cor. 3:6; 1 Cor. 9:11; 3:6, 9; 4:15; 3:2, 12

**I. Upang maipamuhay ang buhay-Kristiyano, kailangan nating tamasahin ang agos ng buhay mula sa bahay ng Diyos—Ezek. 47:1-12:**

A. Ang sukdulang pagkilos ng Diyos ay ang Kanyang pagkilos sa loob ng tao upang gawing diyos ang tao sa pamamagitan ng pagtitigmak sa tao ng lahat ng kung ano Siya sa Kanyang buhay, kalikasan, elemento, at esensiya para sa kaluwalhatian, sa kahayagan, ng Diyos—2 Cor. 3:18; 1 Juan 3:2.

B. Ang tubig ay lumalabas sa ilalim ng pintuan—Ezek. 47:1:

1. Upang makaagos ang tubig, dapat ay mayroong pintuan, isang bukasan—cf. Awit 81:10.
2. Kung mas lalapit pa tayo sa Panginoon at magkakaroon ng higit na pakikipag-ugnay sa Kanya, magkakaroon ng bukasan na magpapahintulot sa buháy na tubig na umagos mula sa ekklesia—Mga Himno, #846.

C. Ang agos ay patungo sa silangan—Ezek. 47:1:

1. Umaagos ang ilog ng Diyos sa direksiyon ng kaluwalhatian ng Diyos—cf. Bil. 2:3; Ezek. 43:2.
2. Kung ang bawat isa sa ekklesia ay naghahanap at nagpapahalaga sa kaluwalhatian ng Diyos, ang buháy na tubig ay aagos mula sa ekklesia—Juan 7:18; 1 Cor. 10:31.

D. Umaagos ang tubig mula sa kanang dako ng bahay—Ezek. 47:1:

1. Sa Biblia ang kanang dako ay ang pinakamataas na posisyon, ang unang puwesto—cf. Heb. 1:3.
2. Ang agos ng buhay ay kailangang magkaroon ng pagkauna sa loob natin, nagiging ang nagkokontrol na salik sa ating pamumuhay at gawa—Apoc. 22:1; Col. 1:18b.

E. Ang pag-agos ay sa tabi ng altar, nagpapakita na kailangan natin ang pagtutuos ng krus at ng buong pag-aalay upang matamasa ang agos ng buhay—Ezek. 47:1.

F. Para sa pagdagdag ng agos ng buhay, kailangan tayong masukat ng Panginoon bilang tao ng tanso—40:3; 47:2-5; Apoc. 1:15; cf. Juan 7:37-39:

1. Ang masukat ay ang masuri, masubok, mahatulan, at maangkin; ang apat na pagsusukat ng sanlibong siko, na isang kumpletong yunit (cf. Awit 84:10), ay nagpapahiwatig na bilang mga nilalang, kailangan tayong lubusang masukat ng Panginoon upang masakop Niya at lubusang maangkin ang ating buong katauhan (Isa. 6:1-8).
2. Lalo nating pinahihintulutan ang Panginoon na suriin, subukin, at hatulan tayo upang maangkin tayo, lalong lumalalim ang agos; ang lalim ng agos ay nakadepende sa kung gaano tayo nasukat ng Panginoon—cf. 1 Juan 1:5, 7.
3. Lalo tayong sinusukat ng Panginoon, lalo tayong narerestriktahan at nalilimitahan ng pag-agos ng biyaya ng buhay hanggang sa kalaunan ay mawala tayo at matangay ng umaagos na Tres-unong Diyos bilang isang ilog kung saan tayo lumalangoy; sa isang pakahulugan ay naiwawala natin ang lahat ng ating kalayaan, subalit sa isa pang pakahulugan ay tunay tayong malaya—Ezek. 47:4-6.

G. Sinasanhi ng ilog na mabuhay ang lahat ng bagay; ang agos ng ilog ay nagbubunga ng mga puno, mga isda, at mga hayop—bb. 7, 9-10, 12.

H. Dinidiligan ng ilog ang tuyot, tigang na lupain at pinagagaling ang mga tubig ng kamatayan; ang pagdidilig at pagpapagaling na ito ay para sa layuning maibunga ang buhay—b. 8:

1. Walang kakayahan ang ilog na pagalingin ang mga latian at mga putikan; ang isang latian o putikan ay isang neutral na lugar, isang nasa kalagitnaang lugar, isang lugar ng kompromiso at pagkamalahininga—b. 11; cf. Apoc. 3:15-16.
2. Para sa agos ng buhay at para sa buhay-ekklesia, ninanais at hinihiling ng Panginoong Hesus ang pagiging lubusan; sa pamamagitan ng pagiging lubusan ay mapapasaloob tayo ng agos, at ang agos ay hindi magiging isang patak kundi isang ilog na malalanguyan; pagkatapos ang lahat ng bagay ay mabubuhay saanman umabot ang ilog.

**II. Ang ating pagtatamasa kay Kristo bilang agos buhay ay upang tayo ay maging mga tagapaghasik, mga tagapagtanim, mga tagapagdilig, mga tagapagsilang, mga tagapagpakain, at mga tagapagtayo ng ministeryo ng buhay para sa kahanga-hangang organikong pagtatayo ng Diyos, ang maringal na bahay ng Diyos—2 Cor. 3:6:**

A. Ang isang tagapaghain ng buhay ay isang tagapaghasik na naghahasik ng mga espiritwal na binhi:

1. Sa 1 Corinto 9:11 ay sinasabi ni Pablo sa mga taga-Corinto, "Inihasik namin sa inyo ang mga espiritwal na bagay"; ang mga espiritwal na bagay ay tumutukoy sa mga espiritwal na binhi.
2. Ang isang binhi ay isang sisidlan ng buhay, at ang ihasik ang espiritwal na binhi ay ang ipamahagi ang buhay sa, sa pamamagitan ng, at mula sa ating espiritu; dumating ang Panginoong Hesus bilang isang Manghahasik upang ihasik ang Kanyang sarili bilang binhi ng buhay tungo sa pantaong lahi—Mat. 13:3, 37.
3. Sa pagbabawi ng Panginoon tayo, bilang mga tagapaghain ng bagong tipan, ay kailangang maging mga tagapaghasik na namamahagi ng buhay upang magpalago at magbunga ng Kristo sa loob ng iba.

B. Ang isang tagapaghain ng buhay ay isang tagapagtanim na nagtatanim ng Kristo tungo sa bayan ng Diyos—1 Cor. 3:6:

1. Ang mga mananampalataya, na sa loob ni Kristo ay naisilang na muli ng buhay ng Diyos, ay ang nilinang na lupain ng Diyos, ang bukid ng Diyos, sa bagong nilikha ng Diyos—b. 9.
2. Upang maitanim natin si Kristo tungo sa iba, kailangan natin ng tunay na karanasan kay Kristo bilang buhay sa ating espiritu.

C. Ang isang tagapaghain ng buhay ay isang tagapagdilig na nagdidilig ng Kristo sa mga tao; sa sandaling magtanim tayo ng Kristo tungo sa iba, kailangan nating diligan sila ng tubig ng buhay—b. 6:

1. Maihahalintulad natin ang isang tagapagdilig sa bukid ng Diyos sa isang sistema ng irigasyon na may imbakan na nagtutustos ng tubig sa bukid; dapat tayong maging isang dibinong "sistema ng irigasyon" na may imbakan ng buháy na tubig na nakaimbak sa loob natin upang diligan ang ekklesia bilang bukid ng Diyos.
2. Kailangan tayong magkaroon ng tunay na karanasan kay Kristo bilang tubig ng buhay at ng buháy na pakikipag-ugnay sa Kanya upang tayo ay maging daluyan ng buháy na tubig, isang dibinong sistema ng irigasyon, na makapagtutustos ng tubig ng buhay sa iba—Juan 4:14; 7:37-39.

D. Ang isang tagapaghain ng buhay ay isang tagapagsilang, isang ama, na namamahagi ng buhay sa kanyang mga anak, na ipinanganak niya—1 Cor. 4:15:

1. Ang manganak ay ang magsupling ng mga espiritwal na anak, ang ibunga sila, sa pamamagitan ng pamamahagi ng buhay.
2. Kailangan tayong magkaroon ng dibinong "sibol ng buhay" upang makapamahagi ng dibinong buhay tungo sa iba nang sa gayon ay maisilang sila bilang mga anak ng Diyos.

E. Ang isang tagapaghain ng buhay ay isang tagapagpakain; ang pagpapakain ay isang bagay ng buhay; naiiba ito sa pagtuturo, na isang bagay ng kaalaman:

1. Ang magbigay ng gatas upang inumin o pagkain upang kainin ay ang pakainin ang iba (3:2); ang inihain ng apostol sa mga mananampalatayang taga-Corinto ay gatas, at dapat ay napakain sila nito.
2. Ang mabuting pagtuturo ng mga apostol ay naghahain ng malusog na pagtuturo bilang panustos ng buhay sa mga tao, maaaring pinakakain sila o kaya naman ay pinagagaling sila—1 Tim. 1:10b; 6:3; 2 Tim. 1:13; Tito 1:9.

F. Ang isang tagapaghain ng buhay ay isang tagapagtayo na nagtatayo gamit ang ginto, pilak, at mahahalagang bato:

1. Ang ginto ay sumisimbulo sa Diyos Ama sa Kanyang dibinong kalikasan, ang pilak ay sumisimbolo kay Kristo sa Kanyang nagtutubos na gawain, at ang mahahalagang bato ay sumasagisag sa Espiritu sa Kanyang nagtatranspormang gawain (ito ay laban sa kahoy, na sumasagisag sa pantaong kalikasan; damo, na sumasagisag sa taong nasa laman; at pinaggapasan, na sumasagisag sa kawalan ng buhay)—1 Cor. 3:12.

2. Inilalarawan ng Awit ng mga Awit na sa wastong buhay-ekklesia, ang mga napasakdal na mananampalataya ay nakikipagkoordina sa nagtatranspormang Espiritu upang pasakdalin ang mga mapagmahal na naghahanap kay Kristo sa pamamagitan ng paghahain ng Tres-unong Diyos sa kanila para sa kanilang transpormasyon sa pamamagitan ng mga katangian ng Tres-unong Diyos na isinasagawa tungo sa kanila upang maging kanilang mga kagalingan—1:10-11.
3. Ito ay para sa pagtatayo ng ekklesia bilang organikong Katawan ni Kristo upang pasukdulin ang Bagong Herusalem para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—1 Cor. 3:12; Apoc. 21:18-21.

*© 2024 Living Stream Ministry*

Mensahe Anim

**Ang Tres-unong Diyos sa loob ni Kristo Bilang Buhay sa Atin sa pamamagitan ng Pagsinag sa Ating mga Puso**

Babasahin sa Kasulatan: 2 Cor. 4:4, 6-7; 3:18;
Mat. 17:2; Efe. 5:8-9; Apoc. 22:4a, 5b; 21:23

I. **"Na binulag ng diyos ng kapanahunang ito ang mga kaisipan ng mga di-mananampalataya upang ang pagliliwanag ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo, na siyang larawan ng Diyos, ay hindi suminag sa kanila"—2 Cor. 4:4:**

   A. Binulag ni Satanas, ang diyos ng kapanahunang ito, ang mga kaisipan at mga isip ng mga di-mananampalataya upang ang pagliliwanag ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo ay hindi suminag sa kanilang mga puso:

      1. Inaakala ng mga yaong binulag o tinalukbungan na hindi sila sumasamba sa anumang bagay; sa katunayan, ang kanilang diyos ay si Satanas.
      2. Sinasamba ng mga ateista si Satanas nang hindi nalalaman kung ano ang kanilang ginagawa.
      3. Halos lahat ng tao ngayon ay nabulag ng diyos ng kapanahunang ito.

   B. Si Kristo bilang larawan ng Diyos ay ang ningning ng Kanyang kaluwalhatian; kaya, ang ebanghelyo ni Kristo ay ang ebanghelyo ng Kanyang kaluwalhatian na nagliliwanag, nagniningning, at sumisinag sa ating mga puso—Heb. 1:3; 2 Cor. 4:6.

   C. Ang ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo ay ang ebanghelyo ng kaluwalhatian ng pinagpalang Diyos—1 Tim. 1:11.

   D. Sa pamamagitan ng pamamahagi ng buhay at kalikasan ng Diyos sa loob ni Kristo tungo sa piniling bayan ng Diyos, ang ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo ay nagsisinag ng kaluwalhatian ng Diyos, kung saan ay pinagpala ang Diyos sa gitna ng Kanyang bayan—Heb. 1:3; Efe. 1:3, 6, 12, 14.

II. **"Ang Diyos na nagsabi, Mula sa kadiliman ay sisinag ang liwanag, ang Isa na suminag sa ating mga puso upang iliwanag ang pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Hesu-Kristo"—2 Cor. 4:6:**

   A. Ang pagsinag ng Diyos sa ating mga puso ay nagreresulta sa pagliliwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Hesu-Kristo, yaon ay, sa kaliwanagan na nagsasanhi sa ating makilala ang kaluwalhatian ng Diyos sa ebanghelyo ni Kristo—bb. 4, 6.

   B. Ang pagliliwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos ay nasa mukha ni Hesu-Kristo; nagpapahiwatig ito na ang ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo ay isang kaibig-ibig na persona na sa Kanyang mukha ay makikita natin ang kaluwalhatian ng Diyos—bb. 4, 6; Mat. 17:2.

   C. Ang kaluwalhatian ng Diyos na naipakita sa mukha ni Hesu-Kristo ay ang Diyos ng kaluwalhatian na nahayag sa pamamagitan ni Hesu-Kristo, na siyang ningning ng kaluwalhatian ng Diyos; ang makilala Siya ay ang makilala ang Diyos ng kaluwalhatian—Gawa 7:2; Heb. 1:3.

   D. Lalong sumisinag ang Diyos sa ating mga puso, lalo tayong sisinag sa iba upang magkaroon sila ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Hesu-Kristo, yaon ay, ang pagkakilala kay Kristo, na naghahayag at nagdedeklara sa Diyos; ang ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo ay sumisinag muna tungo sa atin, at pagkatapos ay sumisinag ito palabas mula sa loob natin—Juan 1:18; Mat. 5:16; Fil. 2:15.

III. **"Taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlang lupa upang ang kahigtan ng kapangyarihan ay magmula sa Diyos at hindi magmula sa amin"—2 Cor. 4:7:**

   A. Sa pamamagitan ng pagliliwanag ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo, ang Kristo ng kaluwalhatian bilang ekselenteng kayamanan ay natatanggap ng mga mananampalataya; ngayon ang sumisinag na realidad ni Kristo, ang pagsasakatawan at kahayagan ng Tres-unong Diyos, ay ang kayamanang nasa loob natin—bb. 6-7:

1. Ang pagsinag ng Diyos, na siyang pamamahagi ng Diyos, sa ating mga puso ay nagpapasok sa atin ng kayamanan, ang nagpapaloob ng lahat na Kristo, na siyang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos bilang Espiritung nagbibigay-buhay upang maging ating buhay at lahat-lahat—bb. 4, 6-7; Col. 2:9; 3:4, 11; 1 Cor. 15:45b.
2. Ang walang kasinghalagang kayamanang ito, ang naninirahan sa loob na Kristo, ay ang dibinong pinagmumulan ng panustos para sa buhay-Kristiyano—Fil. 4:13; 2 Cor. 13:5; 4:7.

B. Ang walang kasinghalagang kayamanang ito ay ginawa tayo, ang mga sisidlang lupa, na mga tagapaghain ng bagong tipan na may walang kasinghalagang ministeryo; ito ay sa pamamagitan ng dibinong kapangyarihan sa pagkabuhay na muli; ang kahigtan ng kapangyarihang ito ay tiyak na nagmula sa Diyos at hindi nagmula sa atin—3:6; 1:9; 4:7.

C. Yaong mga tumanggap ng ebanghelyo ng kaluwalhatian sa pamamagitan ng ating pagsinag ay matataglay si Kristo bilang mahalagang kayamanan na ipinamahagi tungo sa kanila; pagkatapos, tulad natin, sila ay magiging mga sisidlang lupa na naglalaman ng walang kasinghalagang kayamanan na ito—bb. 4, 6-7.

**IV. “Tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tinitingnan at iniaaninag gaya ng isang salamin ang kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu”—3:18:**

A. Ang tingnan ang kaluwalhatian ng Panginoon ay ang makita natin mismo ang Panginoon; ang ianinag ang kaluwalhatian ng Panginoon ay ang bigyang-kakayahan ang iba na makita Siya sa pamamagitan natin.

B. Ang kaluwalhatian ng Panginoon ay ang kaluwalhatian ng nabuhay na muli at umakyat sa langit na Kristo, na siyang Espiritung nagbibigay-buhay na naninirahan sa atin upang gawin ang Kanyang sarili at lahat ng Kanyang naisakatuparan, naabot, at nakamit na totoo sa atin upang tayo ay maging kaisa Niya at matransporma tungo sa gayunding larawan gaya ng Panginoon mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian; sa ganitong paraan ay ginagawa Niya tayong katulad Niya—Luc. 24:46; Heb. 2:9; 2 Cor. 3:18; Roma 8:29.

C. Ito ay isang nagpapatuloy na proseso sa buhay sa loob ng pagkabuhay na muli—2 Cor. 3:18.

**V. “Kayo noon ay kadiliman subalit ngayon ay liwanag sa Panginoon; lumakad kayo bilang mga anak ng liwanag”—Efe. 5:8:**

A. Kung paanong ang Diyos ay liwanag, gayundin tayo, ang mga anak ng Diyos, ay mga anak ng liwanag—1 Juan 1:5; Efe. 5:8; Juan 12:36.

B. Hindi lamang tayo mga anak ng liwanag—tayo ay liwanag mismo; tayo ay liwanag sapagkat tayo ay kaisa ng Diyos sa loob ng Panginoon—Mat. 5:14; 1 Juan 1:5.

C. Kapag tayo ay nasa liwanag, tayo ay nasa labas ng kinasasaklawan ng tama at mali—b. 7.

D. Kung lalakad tayo bilang mga anak ng liwanag, magbubunga tayo ng bunga na inilarawan sa Efeso 5:9:

1. Ang bunga ng liwanag ay tiyak na mabuti sa kalikasan, matuwid sa pamamaraan, at totoo sa kahayagan, upang mahayag ang Diyos bilang realidad ng ating pang-araw-araw na paglakad.
2. Ang bunga ng liwanag sa kabutihan, katuwiran, at katotohanan ay may kaugnayan sa Tres-unong Diyos:
    a. Ang Diyos Ama bilang kabutihan ay ang kalikasan ng bunga ng liwanag; samakatwid, ang kabutihan sa bersikulo 9 ay tumutukoy sa Diyos Ama—Mat. 19:17.
    b. Ang katuwiran ay tumutukoy sa Diyos Anak, sapagkat dumating si Kristo upang isakatuparan ang layunin ng Diyos ayon sa matuwid na pamamaraan ng Diyos—Roma 5:17-18, 21.
    c. Ang katotohanan, ang kahayagan ng bunga ng liwanag, ay tumutukoy sa Diyos Espiritu, sapagkat Siya ang Espiritu ng realidad—Juan 14:17; 16:13.

**VI. "Makikita nila ang Kanyang mukha…Sisinigan sila ng Panginoong Diyos"—Apoc. 22:4a, 5b:**

A. Ang makita ang mukha ng Diyos at ng Kordero ay magiging pagpapala ng Tres-unong Diyos na natamasa ng mga tinubos ng Diyos sa kawalang-hanggan—b. 4a.

B. Ang Diyos Mismo sa loob ng Kordero ay sisinag sa atin, at mabubuhay tayo magpakailanman sa ilalim ng Kanyang maluwalhating pagliliwanag—b. 5b; 21:23.

*© 2024 Living Stream Ministry*